
**Kabataang Pilipino: Pag-asa o Problema ng Bayan?**

## IV. PAANO HAHARAPIN ANG MGA THREATS PARA SA MAGANDANG KINABUKASAN

Playing defense at playing offense, mga bagay na dapat pagtuunan ng pansin upang maihanda ang sarili na magtagumpay sa mga threats na hinaharap at haharapin pa. Ikaw ay nakikibaka araw-araw laban sa makasalanang kaikasan ng sarili, sa mundo at sa diablo, kaya't dapat na ikaw ay laging handa.

Isuot mo ang sandatang kaloob ng Diyos.



https://concordchurchofchrist.org/2019/04/05/put-on-the-whole-armor-of-god/




Alamin ang kinakatawan ng bawat bahagi. Gamitin ang Efeso 6:14-17 upang masagot ito.

- Helmet - ______________________________
- Breastplate/ Baluti - ______________________________
- Belt/ Sinturon - ______________________________
- Sword/ Palaso - ______________________________
- Shield/ Panangga - ______________________________
- Feet/sandals/ Sapatos - ______________________________

**PAG-ARALAN:**

Basahin ang mga talata at sagutin ang mga tanong.




**Mangangaral** (Ecclesiastes) **4:9-10**

Ang dalawa ay mabuti kaysa isa; mas marami ang bunga ng anumang gagawin nila. Kapag nabuwal ang isa, maitatayo siya ng kanyang kasama. Kawawa ang nag-iisa sapagkat walang tutulong sa kanya kapag siya ay nabuwal.

*Two are better off than one, because together they can work more effectively. If one of them falls down, the other can help him up. But if someone is alone and falls, it's just too bad, because there is no one to help him.*

**Filipos 2:3-4**
Huwag kayong gumawa ng anuman dahil sa pansariling layunin o pagyayabang; sa halip, bilang tanda ng pagpapakumbaba, ituring ninyong higit ang iba kaysa inyong mga sarili. Pagmalasakitan ninyo ang kapakanan ng iba, at hindi lamang ang sa inyong sarili.

*Let nothing be done through strife or vainglory; but in lowliness of mind let each esteem other better than themselves. Look not every man on his own things, but every man also on the things of others.*

**Roma 12:10**
Magmahalan kayo bilang magkakapatid at pahalagahan ninyo ang iba nang higit sa pagpapahalaga nila sa inyo.

*Show family affection to one another with brotherly love. Outdo one another in showing honor.*

**Kawikaan 11:14**
Sa kakulangan ng tuntunin, ang bansa ay bumabagsak, ngunit sa payo ng nakararami, tagumpay ay tiyak.

*Where there is no guidance, a people falls, but in an abundance of counselors there is safety.*

1. Ano ang magandang maidudulot ng pagkakaroon ng kasama?
    - Mangangaral (Ecclesiastes) 4:9-10

      ______________________________________________

    - Kawikaan 11:14

      ______________________________________________

2. Paano mo dapat tratuhin ang iyong mga kasama?
    - Filipos 2:3-4

      ______________________________________________

    - Roma 12:10

      ______________________________________________

**PAG-USAPAN:**

*No man is an island*. Kailangan ng kabataang tulad mo ang support team. Ang layunin ng support team ay ang maglaan ng suporta sa mga members. Mahalaga na mayroong tutulong sa iyo upang mapalakas ka sa oras ng kahinaan, magabayan ka kung ikaw ay nakakaranas ng pagsubok at makakaunawa sa iyo. *At the same time*, ganoon ka rin sa kanila.

Laging tandan na ang iyong support team ay tutulong sa iyo na madala kang piliin na gawin kung ano ang mabuti (nakapag-bibigay kasiyahan sa Diyos) at tama (ayon sa kalooban ng Diyos). Siguruhin rin ang kanilang mga prinsipyong pinaniniwalaan sa buhay ay katotohanan (sang-ayon sa salita ng Diyos).

Ang mga talata na nabasa ang gamitin mong batayan kung paano kayo dapat nakikitungo sa isa't-isa upang kayo ay sama-samang magtagumpay sa anumang pagsubok sa buhay.

Sino ang mga kasama sa iyong support team na pasok sa deskripsyon na nabanggit?

Handa ka na bang harapin iyong mga kalaban at pagtugampayan ang mga threats na iyong haharapin?

**PAG-BULAYBULAYAN:**

| | |
|---|---|
| Natutunan ko na | mahalaga ang support team sapagkat: |

**Verse of the Day:**

Ang dalawa ay mabuti kaysa isa; mas marami ang bunga ng anumang gagawin nila. Kapag nabuwal ang isa, maitatayo siya ng kanyang kasama. Kawawa ang nag-iisa sapagkat walang tutulong sa kanya kapag siya ay nabuwal.

**Mangangaral** (Ecclesiastes) **4:9-10**